ACT2 Filipino

# Pagbubuod

## Act2: Ang Handog ng Espiritu

### Buod ng Proseso

**ALAMIN**
PAKIKINIG SA MGA IDEYA AT KAKAILANGANIN (NOB-MAYO 23)

**LIMIIN**
MALALIM NA TALAKAYAN SA MGA DIREKSYON AT OPSYON (HUN-NOB 23)

**MAGREKOMENDA**
BUMUO AT MAGREKOMENDA NG LANDAS NG PAGSULONG (DIS 23-HUL 24)

### Buod ng mga Natuklasan at mga Konklusyon

#### ANG ATING KOLEKTIBONG PAGKAKAKILANLAN (KABANATA 2)

- Sa buong Simbahan, patuloy nating pinagtitibay ang mga palatandaan ng kolektibong pagkakakilanlanan. Ang mga ito ay nagmula sa biblikal na pagsaksi, ang Batayan ng Pag-iisa at mga pahayag ng pagkakatatag at kapasyahan na ginawa natin simula noong Pag-iisa.
- Hindi natin palaging natutupad ang ating mga pangako, lalo na sa pagsasabuhay ng ating Tipan sa Kongreso at ang ating pangako na maging isang tunay na Simbahang interkultural.
- Ang mga bitak sa ating teolohiya ay patuloy na nagdudulot ng pasakit sa ating buhay. Nakatingin tayo kay Hesukristo na siyang pinagmumulan at nagpapanatili ng ating pagkakaisa.
- Kailangan nating patuloy na humugot mula sa mga pundasyong pinagmumulan ng pananampalataya at pagkakaisa upang mabuo ang ating kolektibong pagkakakilanlan bilang Uniting Church sa loob ng pandaigdigang simbahan.

#### ANG ATING PAMBANSANG BUHAY AT GAWAIN (KABANATA 3)

- Ang pagiging isang pambansang Simbahan ay isang handog na nagbibigay sa atin ng pagkakataong ipagdiwang ang ating magkakasama at magkakaiba-ibang pagkakakilanlan at magsalita nang may magkakasamang pampublikong tinig.
- Sa pangkalahatan, pinahahalagahan ng mga tao ang gawain ng pambansang Simbahan. Ito ay partikular sa saklaw ng ating pampublikong tinig, mga ugnayang internasyunal, ang ubod ng teolohikang pagkakakilanlan ng Simbahan at mga natatanging pagkakataon sa pambansang misyon.
- Upang magampanan ang mga responsibilidad na ito nang mas epektibo, ang pambansang Simbahan ay kailangang may mas mahusay na mapagkukunan ng rekurso at malalim na nakaugnay sa mas malawak na Simbahan.

#### ANG ATING TEOLOHIKAL NA KULTURA AT EDUKASYON (KABANATA 5)

- Ang kulturang teolohikal ng Simbahan at ang kinabukasan ng edukasyong teolohikal ay bahagi ng paglinang ng isang malusog, mahalaga at malikhaing Simbahan.
- Marami tayong mga teolohiya at kultura at kailangan natin ng mga plataporma para sa pag-uusap na tatawid sa ating pagkakaiba-iba sa teolohiya at kultura.
- Ang edukasyong teolohikal ay mahalaga sa pagiging disipulo ng buong bayan ng Diyos kabilang ang paghubog sa kanila para sa mga partikular na ministeryo sa magkakaibang konteksto ng ministeryo.
- May gana para sa malalim at produktibong pagtutulungan sa pagkakaloob ng teolohikong edukasyon at paghubog. Nangangailangan ito ng istraktura upang mamuno at kultura upang itaguyod ang pagtutulungan.

# Pagbubuod

## Act2: Ang Handog ng Espiritu

### Buod ng mga Natuklasan at mga Konklusyon (nagpapatuloy)

#### MGA TUGON SA MGA DIREKSYON SA MGA LOKAL NA KOMUNIDAD NG PANANAMPALATAYA AT PAGDIDISIPULO (KABANATA 4)

- Nagkaroon ng malawakang suporta para sa mga direksyon kabilang ang pagtutok sa pagdidisipulo at misyon at naibabagay na kaayusan sa pamamahala.
- May mga tanong tungkol sa pagpapatupad, lalo na tungkol sa ugnayan sa pagitan ng mga kongregasyon at ng mas malawak na Simbahan.
- Kailangang magkaroon ng mas malapit na ugnayan sa pagitan ng mga pamayanan ng pananampalataya at ng mas malawak na Simbahan upang magbigay ng pangangasiwa, paghihikayat at suporta. Nakita ng mga tao na pinanibago ng Direksyon ang toolkit para patatagin ang ugnayang iyon.

#### MGA TUGON SA MGA OPSYON SA PAMAMAHALA AT REKURSO (KABANATA 6)

- Mayroong hanay ng mga tugon sa mga Opsyon tungkol sa mga pagkakaiba sa konteksto, mga kinakailangan at mga prayoridad. Kinikilala ng maraming tao na hindi gumagana ang kasalukuyang modelo ng pamamahala at kailangang baguhin.
- Ang mga tao ay pinaka-suportado o bukas sa Opsyon 1. Kinikilala nila ang antas at mga hamon ng pagpapatupad. Sinuportahan din nila ang mga elemento ng iba pang mga opsyon, kabilang ang pagdaragdag ng rekurso na mas malapit sa mga lokal na komunidad ng pananampalataya, pagbabawas sa duplikasyon at pagbabahaginan sa rekurso.
- Ang malawak na damdamin ng Simbahan ay ngayon na ang panahon para maging matapang at samantalahin ang pagkakataon na isagawa ang makabuluhang pagbabago sa istruktura at kultura.

### Mga Panukala sa Act2: isang magkakaugnay na bungkos ng mga panukala sa tatlong daloy (Kabanata 7 at 8)

#### A. NAGBIBIGAY-BUHAY NA MGA PAMAYANAN NG PANANAMPALATAYA AT PAGDIDISIPULO

- Tumuon sa pagdidisipulo at misyon.
- Bagong toolkit para sa akma-sa-layuning lokal na pamamahala.
- Mas mahusay na simula at pagtatapos para sa mga komunidad.
- Repasuhin ang pagsapi sa simbahan upang mas maiayon ang ating mga tuntunin sa ating realidad.

Pinangangasiwaan ng Assembly Standing Committee.

**HULYO 2024-HUNYO 2027**

#### B. NETWORK PARA SA YUMAYABONG NA TEOLOHIKAL NA KULTURA

- Pambansang multi-campus na Kolehiyo ng Teolohiya.
- Istruktura ng Pambansang Teolohikong Kultura.
- Teolohikal na gawain sa 'pagiging disipulo', 'ebanghelismo', 'misyon' at 'diakonal na komunidad'.

Pinangangasiwaan ng Komisyon para sa Teolohiya, Paghuhubog at Pamumuno.

**HULYO 2024-HULYO 2027**

#### C. PAGBABAHAGI NG ATING BUHAY AT NG ATING YAMANG KUMONAL

- Magsagawa ng pagtatasa ng kakayahan ng modelong may tatlong konseho at may apat na konseho.
- Bumuo ng mapa para sa pagpapatupad na nakabatay sa isang modelo ng pag-rekurso.
- Tukuyin at ipatupad ang iba pang mga aksyon upang isulong ang Pangitain at mga Prinsipyo.

Pinangangasiwaan ng Komisyon para sa Pamamahala, Pag-rekurso at Administrasyon.

**2024** TRANSISYON SA BAGONG KOMISYON → **2025-2027** TASAHIN ANG MGA MODELO NG PAMAMAHALA AT MAGHANDA NG ROADMAP → **2027 AT PAGKATAPOS** PAGPAPASYA NG ASEMBLIYA AT PAGPAPATIBAY NG IBA PANG KONSEHO

**HULYO 2024-2027**

# Act2 Mga Panukala

Para sa buong mga detalye, tingnan ang *Act2: Ang Handog ng Espiritu* (**Kabanata 7** Magkasamang Sumulong: Isang Daan Pasulong)

## A. Nagbibigay-Buhay na mga Komunidad ng Pagdidisipulo at Misyon

PANGITAIN

Ang mga komunidad ng pananampalataya ay pananatilihin ang isang buhay ng pagsamba, patatagin ang isa't isa sa pag-ibig, palaguin ang mga alagad ni Hesus at makibahagi sa misyon ng Diyos. Ang magkakaibang mga komunidad ng pananampalataya ay huhubog sa kanilang buhay bilang tugon sa tawag ng Diyos sa kanilang konteksto at patatagin ang kanilang relasyon sa Diyos, sa isa't isa, sa mas malawak na simbahan at sa mundo.

MGA SUSING PAGBABAGO

- Pagtuon sa pagdidisipulo at misyon
- Bagong toolkit para sa akma-sa-layuning lokal na pamamahala
- Mas maiging pagsisimula at pagtatapos para sa mga pamayanan ng pananampalataya
- Pagrepaso sa pagiging kasapi sa simbahan upang maiayon ang ating mga tuntunin sa ating realidad

## B. Network para sa Yumayabong na Teolohikal na Kultura

PANGITAIN

Isang litaw at abot-kamay na pamayanang magkakaugnay at intensyunal na lumalahok sa panghabambuhay na pagkatuto upang matulungan ang mga tao na matapang na sumunod kay Hesus at lumahok sa misyon ng Diyos sa Australya.

MGA SUSING PAGBABAGO

- Pambansang kolehiyong teolohikal na multi-kampus
- Pambansang istruktura ng teolohikal na kultura
- Teolohikal na gawain sa 'pagdidisipulo', 'ebanghelismo', 'misyon' at 'diakonal na komunidad'

## C. Pagbabahagi ng ating Buhay at Yamang Komunal

PANGITAIN

Mga konsehong may malalim na ugnayan na tumutugon sa tawag ng Diyos na mas ganap na lumahok sa misyon sa pamamagitan ng malusog na pangangasiwa, ipinagdiriwang and ating magkakaiba at pinagsasaluhang pagkakakilanlan at pagiging matapat na katiwala ng ating yamang komunal.

MGA SUSING PAGBABAGO

- Magsagawa ng pagtatasa ng kakayahan ng three council model at four council model
- Bumuo ng roadmap para sa pagpapatupad na pinagbabatayan ng isang modelo ng pag-rekurso
- Tukuyin at ipatupad ang iba pang mga aksyon upang isulong ang Pangitain at mga Prinsipyo

ACT 2

STREAM A

ACT2 ROADMAP NG PAGPAPATUPAD

# Nagbibigay-buhay na mga Pamayanan ng Pagdidisipulo at Misyon

## Hulyo 2024-Hunyo 2027

Kabilang sa mga susing katangian ng agos na ito ang:

- Pangkabuuang pagtugon ng Simbahan upang ituon ang mga rekurso sa pagdidisipulo at misyon.
- Mga Bagong Regulasyon sa mga kaayusan ng lokal na pamamahala.
- Mga pagbabago sa Konstitusyon at Regulasyon para sa pagiging kasapi ng simbahan na ihahapag sa 18th Assembly (Hulyo 2027).

Ang agos na ito ay pangangasiwaan ng Assembly Standing Committee.

1. Magtatag ng dalawang task group para sa binagong lokal na pamamahala at sa pagiging kasapi ng simbahan. — **HULYO-DISYEMBRE 2024**
2. Bumuo ng mga binagong Regulasyon at gabay sa lokal na pamamahala. — **ENERO-HUNYO 2025**
3. Bumuo ng mga panukala sa pagiging kasapi ng simbahan. — **HULYO-DISYEMBRE 2025**
4. Magsimulang ipatupad ang mga bagong Regulasyon para sa lokal na pamamahala. — **ENERO-HUNYO 2026**
5. Tapusin ang mga panukala sa pagiging kasapi ng simbahan para sa 18th Assembly. — **HULYO 2026-HUNYO 2027**

**Hulyo 2024 - kasalukuyan** Itutuon ng Buong Simbahan ang mga rekurso sa pagdidisipulo at misyon.

ACT2

STREAM B

ACT2 ROADMAP NG PAGPAPATUPAD

# Network para sa Yumayabong na Kulturang Teolohiko

## Hulyo 2024-Hulyo 2027

Kabilang sa mga susing katangian ng agos na ito ang:

- Pagdidisenyo at pagtransisyon sa bagong Pambansang Network para sa Teolohiya, Pagbubuo at Pamumuno.
- Pambansang multi-campus na kolehiyo ng teolohiya.
- Ang pambansang kulturang pang-teolohiya na gawain sa 'misyon', 'ebanghelismo', 'pagdidisipulo' at 'diakonal na mga komunidad'.

Ang stream na ito ay pangangasiwaan ng Komisyon para sa Teolohiya, Paghuhubog at Pamumuno.

1. Magtalaga at aprubahan ang Sanggunian ng Pag-iral ng Komisyon para sa Teolohiya, Paghuhubog at Pamumuno. — **HULYO-DISYEMBRE 2024**
2. Simulan ang gawain sa pambansang kulturang pang-teolohiya. — **ENERO-HUNYO 2025**
3. Idisenyo ang Pambansang Network para sa Teolohiya, Pagbubuo at Pamumuno. — **HULYO 2025-HUNYO 2026**
4. Transisyon sa National Network kabilang ang pambansang multi-campus na kolehiyo ng telohiya. — **HULYO 2026-HUNYO 2027**
5. Maghanda ng mga panukala sa pambansang kulturang pang-teolohiya na gawain para sa Ika-18 Asembliya. — **IKA-18 ASEMBLIYA** HULYO 2027

ACT2

STREAM C

ACT2 ROADMAP NG PAGPAPATUPAD

# Pagbabahagi ng ating Buhay at ang ating Yamang Kumonal

## Hulyo 2024-Hulyo 2027

Ang agos na ito ay magaganap sa tatlong yugto.

- **Transisyon (Hulyo-Disyembre 2024)**: Transisyon sa Komisyon para sa Pamamahala, Pag-resource at Administrasyon (Commission for Governance, Resourcing and Administration).
- **Pagtasa at Paghahanda (Enero 2025-Hunyo 2027)**: Tasahin ang kaangkupan ng modelo ng pamamahala sa hinaharap. Tukuyin ang iba pang mga aksyon upang usulong ang Pangitain at Mga Prinsipyo. Maghanda ng ulat, mga panukala at Takdang Panahon para sa Pagpapasya ng Ika-18 Asemblya ukol sa modelo.
- **Desisyon at Pag-aproba (Hulyo 2027)**: desisyon ng 18th Assembly sa bagong modelo at pag-apruba ng anumang pagbabago sa Konstitusyon.

Ang agos na ito ay pangangasiwaan ng Commission for Governance, Resourcing and Administration.

1. Transisyon sa bagong Komisyon. Bumuo ng mga Sanggunian ng Pag-iral at magtalaga ng mga kasapi. — **HULYO-DISYEMBRE 2024**
2. Magsagawa ng pagtatasa ng kakayahan ng modelong tatlong konseho at apat na konseho. — **ENERO 2025-HUNYO 2026**
3. Tukuyin at ipatupad ang iba pang mga aksyon upang isulong ang Pangitain at mga Prinsipyo. — **ENERO 2025-HUNYO 2026**
4. Bumuo ng plano ng pagpapatupad batay sa modelo ng pagrerekurso. Ang mga Panikula ay nakahanda na para sa Ika-18 Asembliya. — **HULYO 2026-HUNYO 2027**
5. Desisyon ng 18th Assembly sa modelo, roadmap ng pagpapatupad at anumang pagbabago sa Konstitusyon kung kinakailangan. — **IKA-18 ASEMBLIYA** HULYO 2027
6. Kung kinakailangan, pag-apruba ng desisyon ng ibang mga konseho ng Simbahan. — **HULYO 2027 AT HINAHARAP**

ACT2